Halimbawa ng maliliit na grupo:

- **Ang unang maliit na grupo.**
  - Ang tatlong persona ng Dios ay nagtipon bilang maliit na grupo bago gawin ang sanlibutan. Ang kanilang hangarin ay magplano at tuparin ang paglikha ng tao at kanilang palibot
  - Nagdesenyo din Sila ng alternatibong plano baka sakaling lumayo sa Dios ang tao: Ang Plano ng Pagtubos (1Ped. 1:18-20; Mat. 25:34; Apoc. 13:8).
- **Sa lumang tipan.**
  - Nang lumabas ang Israel sa Ehipto, Hinati ni Moses ang bayan sa mga kampo (bawat tribo) at mga tolda (bawat pamilya). Sa huli, iminungkahi ni Jethro na palawakin ito sa pamamagitan ng mas maliit na grupo ng tag 1,000, 100, 50 at 10 tao.
  - Bawat maliit na grupo ng 10 tao ay pinamumunuan ng relihiyosong pinuno. Ang mga grupong ito ang pumigil sa maraming problema at tumulong upang malinang ang espiritwal na buhay ng bayan, at magtayo ng malapit at magiliw na mga relasyon… Iyon ay–ganun din ngayon–epektibong paraan ng pakikisama, paglagong espiritwal at paglutas ng problema
  - Sa huli, itinatag ni Samuel ang mga paaralan ng mga propeta. SInunod nila kaparehong organisasyon at layunin sa mga grupong itinatag ni Moses (1S. 10:10; 2K. 2:3).
- **Sa bagong tipan.**
  - Itinatag ni Jesus ang unang maliit na grupo sa Bagong Tipan sa pagpili ng labindalawang apostol.
  - Naturuan sila at nasanay sa praktikal na paraan kung paano gamitin sa epektibong paraan ang kanilang mga kaloob sa pangangaral ng Ebanghelyo, habang lumalago sa pang-espiritwal.
  - Ang puso ng naunang Iglesia ay mga maliit na grupo na nagtitipon sa mga bahay (Gawa 12:12; Ro. 16:5; 1Co. 16:19; Col. 4:15; Filem. 2)
  - Bumuo din sila ng maliliit na grupo ng mangangaral. Tinulungan nila ang isa't-isa sa personal na karanasan upang maganap ang misyon. Salamat sa mga grupong ito, kumalat ng mabilis ang Ebanghelyo sa buong sanlibutan (Gawa 15:39-41; 20:4; Ro. 15:19).

B Pagiging kabahagi ng maliliit na grupo:

- **Organisasyon.**
  - Ang katawan ng tao ay binubuo ng mga selula na nagkakatipon upang bumuo ng mga bahagi o organ na bumubuo naman sa mga sistema ng katawan. Bawat selula ay may sariling tungkulin sa bawat organ, bawat organ ay may tungkulin sa bawat sistema ng katawan, at bawat sistema ay may tungkulin sa katawan.
  - Silang lahat ay magkakaugnay at gumagawang magkakatugma. Ang Iglesia ay katawan ni Kristo at kapareho din ang gawain. Kung ang isang tao ay kabahagi ng maliit na grupo, mahirap itong madismaya at mas madaling matapos ang misyon.
  - Ang mga grupo ay inayos sa paraang bawat tao ay makakabahagi ng pinakamarami nilang kaloob upang tulungang lumago at tapusin ang misyon.
- **MGA PROSESO.**
  - Gumagamit ang Dios ng maliliit na grupo upang palaguin ang Iglesia sa pagpapasigla sa pananampalataya ng mga kasapi at turuan sila kung paano magpatotoo tungkol kay Jesus.
  - Bawat grupo ay may pangunahing layunin upang dalhin ang mga tao kay Jesus, kahit marahil iba-iba ang mga paraan o proseso ayon sa mga natatanging hangarin.
  - Bawat lokal na iglesia ay dapat magplano kasama ng kanilang mga maliliit na grupo na may natatanging hangarin ayon sa kanilang pagkakaiba.